

Kayo at ang
Children's
Aid Society



York Region
Children's Aid Society

Pangalan ng Manggagawa:

Telepono: 905-895-2318 o
1-800-718-3850 ext. _____

Website ng ahensya:
www.yorkcas.org



Ang Tungkulin ng Children's Aid Society

Karamihan sa mga pamilya ay napapapunta sa Children's Aid Society dahil may nabanggit na problema ng pinaghihinalaang pang-aabuso o pagpapabaya. Kapag nangyari ito, sinasabi ng batas na dapat pag-aralan ng Children's Aid Society ang impormasyon at, kung kinakailangan, ay imbestigahan ito. Ang mga Children's Aid Society ay nakikipagtulungan sa mga pamilya upang gumawa at masuportahan ang ligtas at magandang kapaligiran para sa kabataan.

Pakikipagkilala sa Inyong Pamilya

Isang manggagawa ng Children's Aid Society ang makikipagkilala sa inyong pamilya upang pag-usapan ang mga nasabing problema. Iginagalang namin ang karanasan ng mga magulang at tagapagbigay-alaga, at nagsisikap kaming makapagbigay ng mga serbisyo na may pagkilala sa kultura. Kung kailangan ninyo ng tagasaling-wika, mayroon kaming ipapadala. Maaari ding makipag-usap ang manggagawa sa ibang taong nakatira sa inyong bahay, gayundin ang ibang tulad ng mga doktor at guro, upang malaman ang mga katatagan at pangangailangan ng inyong pamilya. Pag-aaralan ng manggagawa ang sitwasyon upang makita kung napinsala ang inyong anak o kung nanganganib silang masaktan.

Pagtatanong Tungkol sa Inyo

Kasama ngunit hindi limitado sa impormasyong hihingin ng Children's Aid Society ay ang lahi, angkan, relihiyon, piniling sekswalidad, at pagkakakilanlan sa kasarian. Ang inyong pahintulot upang maitanong at ipunin ang impormasyong ito ay hihingin. Ang impormasyong ito ay nagbibigay sa kabataan ng pagkakataong sabihin kung paano nila gustong kilalanin ang kanilang sarili. Ang pag-kolekta ng impormasyong ito ay bahagi din ng kung paano gumagawa ng mga plano ang mga Children's Aid Society upang masuportahan ang kabataan. Ang impormasyong ito ay nasa Child Protection Information Network (CPIN), isang pamprobinsyang sistema na ginagamit ng mga Children's Aid Society upang maitago ang impormasyong kinakailangan upang makapaghatid ng mga serbisyo sa proteksyon ng bata. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CPIN, pakibisita ang:

www.yorkcas.org/CPIN.asp

Ano ang Susunod na Mangyayari

Kapag may nakitang anumang problema ang manggagawa na kailangang tugunan, ikokonekta nila kayo sa mga serbisyong pangkomunidad upang masuportahan ang kaligtasan ng inyong anak at kapakanan ng inyong pamilya. Maaari din silang tuloy-tuloy na makipagtulungan sa inyong pamilya. Kapag may nakitang mangyayaring panganib sa inyong anak, ito man ay pisikal, emosyonal, o mula sa pagpapabaya, makikipagtulungan sa inyo ang manggagawa upang makahanap ng ibang lugar na ligtas para sa inyong anak.

Kung hindi maaaring tumira ang inyong anak sa bahay, ang plano ay patirahin sila kasama ng mga taong kilala na nila, gaya ng ibang miyembro ng pamilya o mga kaibigan upang makapanirahan sila kasama ang mga taong kilala at mahal nila. Ito ay tinatawag na “kinship arrangement” o paninirahan kasama ang mga taong malapit sa loob ng bata. Kung walang kamag-anak na ganito, pansamantalang pangangalagaan ang inyong anak ng Children’s Aid Society at maninirahan kasama ang isang foster na pamilya. Sa panahong ito, patuloy na makikipagtulungan sa inyo ang Children’s Aid Society upang muling makapagtatag ng ligtas na kapaligiran sa tahanan. Ang aming plano ay makipagtulungan sa inyo upang matiyak na makatira nang ligtas ang inyong anak kasama ang inyong pamilya.



Ang Inyong mga Responsibilidad



Tratuhin ang mga manggagawa at kinatawan nang may paggalang



Agad na makipag-usap sa mga manggagawa at kinatawan



Makipag-usap sa manggagawang naka-assign sa inyo kung mayroon kayong mga tanong o reklamo



Magbigay ng legal na pagkakakilanlan (hal. lisensya sa pagmamaneho)

Ang Inyong mga Karapatan

May karapatan kayong:

Tratuhin nang may paggalang at sa paraang may pagkakilala sa kultura.

Alukin ng tagasaling-wika (interpreter) sa panahon ng anumang pagbisita at sa lahat ng pakikipag-usap sa Children's Aid Society

Sumali sa pagpapaunlad ng mga plano ng serbisyo para sa inyong pamilyay

Sumali sa pagpapasya ukol sa inyong pamilya

Umasa sa mga serbisyo sa propesyonal at napapanahong paraan

Masagot ang inyong mga tanong at na matawagan kayong muli kaagad

Malaman ang tungkol sa lahat ng mga opsyon at negatibong resulta ng anumang desisyon o aksyon

Maunawaan ang prosesong legal at ng korte kung tama ito sa inyong sitwasyon

Malayang magbigay ng komento o sabihin ang mga alalahanin/reklamo

Mapanatiling kompidensyal ang inyong impormasyon


Mabigyan ng access sa inyong impormasyon sa inyong record kapag hiniling ninyo



Katutubong Pagkakakilanlan at Angkan

Kung kayo at ang inyong anak ay tinukoy na kasama sa First Nations, Inuit or Métis, o kung mayroon kayong mga katutubong angkan, iuugnay namin kayo sa **Dnaagdawenmag Binnoojiiyag Child and Family Services**, na isang ahensya para sa kapakanan ng katutubong bata at pamilya na naghahatid ng mga nararapat na serbisyong pangkultura at espiritwal sa mga Katutubong komunidad.

Kausapin sila sa:

 705-295-7135

o bisitahin ang:

 www.binnoojiiyag.ca

Paano Magreklamo

Gusto naming maintindihan ang inyong mga alalahanin at makipagtulungan sa inyo upang malutas ito. Kung may problema, gagawin namin ang buo naming makakaya upang matulungan namin kayong malutas ang problemang ito. Mangyaring sabihin ang inyong problema sa manggagawang naka-assign sa inyo sa lalong madaling panahon. Kung hindi ninyo ito malutas ng manggagawang naka-assign sa inyo, maaari ninyong hilinging makipag-usap sa kanyang supervisor. Ang karamihan sa mga problema ay nalulutas sa panahong iyon. Ngunit, kung hindi malutas ang problema, may pamamaraan para sa pormal na pagreklamo na mababasa sa aming website:

www.yorkcas.org/client.asp

Mayroon din kayong karapatang magreklamo sa alinman sa mga sumusunod na ahensya:

Sa **Child and Family Services Review Board (CFSRB)**, na nag-iimbestiga sa mga reklamo tungkol sa mga Children's Aid Society:

www.sjto.gov.on.ca/cfsrb

Sa **Ontario Ombudsman**, na siyang may responsibilidad sa pamamahala ng administrasyon ng mga serbisyong pampamahalaan:

www.ombudsman.on.ca

Sa **Office of the French Language Services Commissioner**, kung kinailangan ninyo ng Mga Serbisyo sa Wikang Pranses at hindi nakatanggap nito: www.csfontario.ca/fr

Kausapin kami

Foster na pangangalaga

fostering@yorkcas.org

Pag-aampon

adoption@yorkcas.org

Pag-boboluntaryo

volunteering@yorkcas.org

Mga Presentasyon

speakers.bureau@yorkcas.org

Mag-abuloy

www.yorkregionchildrensfund.org

Trabaho

human.resources@yorkcas.org



I-follow kami sa Twitter!

[@YorkRegionCAS](https://twitter.com/YorkRegionCAS)